Tungkol sa Pagpasok sa Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase sa Lungsod ng Yokohama

1. Ano ang Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase?

Ang Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase ay isang proyektong layunin ay bigyan ng ligtas at mapanatag na lugar na naghahandog na makapaglaro at matitirhang lugar sa mga pasilidad sa paaralang elementarya para sa lahat ng kabataan.

2. Mga Araw na bukas ang Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase

Ang Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase ay palaging nakabukas maliban sa mga araw na nakalista sa ibaba sa a) hanggang c).

a) Tuwing Linggo

b) Pambansang kapistahan

c) Mula Disyembre 29 hanggang Enero 3

* Ang Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase ay maaaring isara kapag may mga hindi maiiwasang dahilan para magsara maliban sa mga araw na nabanggit sa taas

3. Mga Oras na bukas ang Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase

Ang Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase ay bukas sa mga sumusunod na panahon.

Araw na Bukas	Oras na Bukas
Lunes hanggang Biyernes	Mula matapos ang klase hanggang ika-7 ng gabi
Tuwing Sabado	Mula 8:30 ng umaga hanggang ika-7 ng gabi
Bakasyon sa eskuwelahan	

* Ang Club ay sarado o ang oras na bukas ay pinaikli tuwing Sabado, bakasyon sa eskuwelahan at pagkatapos ng alas singko ng hapon tuwing karaniwang araw maliban kung may pakiusap na gamitin ito.

4. Mga Kabataang maaaring gumamit ng Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase

Ang mga kabataang nasa una hanggang ika-anim na grado ay maaaring gumamit ng Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase sa paaralang elementarya na kanilang pinapasukan. Ang mga kabataang naninirahan sa loob ng distrito ng paaralang elementarya at pumapasok sa pambansang paaralang elementarya, pribadong paaralang elementarya o pantanging suporta sa paaralan ng edukasyon ay maaaring gamitin ang Club.

5. Mga Uri ng Paggamit

May dalawang klasipikasyon ng paggamit ng Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase; **[Uri ng Paggamit 1]** and **[Uri ng Paggamit 2]**.

Kung nag-aaplay upang gamitin ang Kapisanan, ang mga magulang o tagapangalaga ay maaaring pumili kung anong uri ang ninanais nilang iparehistro ang kanilang anak ayon sa klase ng paggamit at maging ang kanilang estado ng trabaho (maaari mong baguhin ang uri ng paggamit sa gitna ng piskal na taon. Subalit ayon sa pangkalahatang panuntunan, ito ay hindi maaaring baguhin sa kalagitnaan ng buwan).

	Uri ng Paggamit 1	**Uri ng Paggamit 2**
Mga Kondisyon sa Pagpapatala	• Mga kabataang nasa una hanggang ika-anim na baitang sa elementarya na kanilang pinapasukan • Mga kabataang nasa una hanggang ika-anim na baitang sa elementarya na naninirahan sa loob ng distrito ng paaralang elementarya at pumapasok sa pambansang paaralang elementarya, pribadong paaralang elementarya o pantanging suporta sa paaralan ng edukasyon ay maaaring gamitin ang Club.	Bukod dito sa mga kondisyon sa Uri ng Paggamit 1, ang bata na kung s**aan ang kanyang magulang o tagapangalaga ay wala sa tahanan pagkatapos ng kanyang klase.** ★ Ano ang ibig sabihin na ang bata na kung saan ang kanyang magulang o tagapangalaga ay wala sa tahanan pagkatapos ng kanyang klase? • Dahil sa trabaho o ibang pangangailangan, ang magulang o tagapangalaga ay wala sa tahanan pagbalik ng bata galing sa eskuwelahan. • Dahil sa pangkalusugang kadahilanan, ang magulang o tagapangalaga ay walang kakayahang pangalagaan ang kanilang anak kahit na sila ay nasa tahanan matapos nitong pumasok sa eskuwelahan.
Oras ng Paggamit at Kabayaran	Karaniwang Araw : Matapos ang klase hanggang **ika-5 ng hapon *** Tuwing Sabado at Bakasyon sa Eskuwelahan : 8:30 ng umaga hanggang **ika-5 ng hapon *** **Libre*** *** Para sa patuloy na paggamit matapos ang ikalima ng hapon, kami ay naniningil ng ¥800 bilang kabayaran sa paggamit tuwing pumupunta + kabayaran sa meryenda (aktwal na halaga).** Tandaan na ang Club ay maaaring hindi magamit sa inyong nais na araw dahil sa estado nito sa paggamit ng ibang kabataan o anumang ibang kadahilanan.	Karaniwang Araw : Matapos ang klase hanggang **ika-7 ng gabi** Tuwing Sabado at Bakasyon sa Eskuwelahan : 8:30 ng umaga hanggang **ika-7 ng gabi** **Kabayaran kada buwan ¥5,000 *** *** May kabawasan sa ilang partikular.** ★ Hinihiling na magbayad ng buwanang halaga na ¥5,000 kung nagparehistro para sa Uri ng Paggamit 2 **gaano man karami ang paggamit sa Club.** ★ Hinihiling na magbayad sa halaga ng meryenda (aktwal na halaga) para sa ilang araw na paggamit bukod pa sa pagbayad ng buwanang kabayaran sa paggamit.
Nakatakdang Bilang ng mga Gumagamit	Hindi	Oo
Pagbabayad para sa Kabutihang-loob na Sistema ng Pagbabayad-Pinsala	¥500 taun-taon bawat bata	
Mga Dokumentong Kinakailangan para sa Aplikasyon sa Paggamit	Form ng Aplikasyon para sa Paggamit	(1) Form ng Aplikasyon para sa Paggamit (2) Katibayan na nagpapatunay na ang bata na kung saan ang kanyang magulang o tagapangalaga ay wala sa kanilang tahanan matapos ang kanyang klase (sertipiko ng pagtatrabaho, sertipiko ng pangkalusugan o may kapansanan, atbp.)

6. Halaga ng Paggamit at Meryenda

Aytem	Uri ng Paggamit 1	Uri ng Paggamit 2
Kabayaran sa Paggamit	**Libre** * ¥800 tuwing pumupunta at patuloy na ginagamit pagkalipas ng ika-5 ng hapon	**Kabayaran kada buwan ¥5,000 *** * ¥2,500 kada buwan para sa mga pamilyang naaangkop para sa kabawasan sa kabayaran sa paggamit.
Pagbabayad para sa Pinsala Ex Gratia Payment System	**¥500 taun-taon bawat bata**	
Kabayaran sa Meryenda	**Wala** * Aktuwal na gastos sa meryenda para sa patuloy na paggamit makalipas ang ika-5 ng hapon	**Aktuwal na gastos**
Halaga ng materyales, Kabayaran para makapasok sa programa, atbp.	**Aktuwal na gastos**	

[Sistema upang mabawasan ang mga Kabayaran sa Paggamit]

Ang Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase ay mayroong sistema upang mabawasan ang kabayaran sa paggamit. Ang angkop na pagbabawas ng halaga ay para lamang sa mga buwanang kabayaran para sa Uri ng Paggamit 2 (buwanang kabayaran ¥5,000 ⇒ **buwanang kabayaran ¥2,500).** Ang aktuwal na gastos tulad ng kabayaran sa meryenda, halaga ng materyales, kabayaran sa pagsali sa programa, at kabayaran sa pansamantalang paggamit para sa Uri ng Paggamit 1 (¥800 tuwing pumupunta) ay hindi magagamit para mabawasan.

* Ang mga pangsambahayan naaangkop para sa sistema ng kabawasan ay kinakailangang magpasa ng mga sumusunod na dokumento ayon sa estado ng sambahayan. Mangyaring ipadala po kasama ang iba pang dokumento kapag pinadala ang form para sa aplikasyon ng paggamit sa Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase.

Estado ng Sambahayan	Mga Dokumentong Kailangang Ipadala
Mga Kapakanan ng Sambahayan	**Sertipiko para sa Kapakanan ng Tagatanggap [orihinal] o Sertipiko para sa Kapakanan ng Tagatanggap [kopya]** *** Humingi ng sertipiko para sa kapakanan ng tagatanggap mula sa case worker ng Public Assistance Sec.ng Public Assistance Div. sa opisina ng Ward Administration. (walang bayad)**
Mga eksemsiyon sa buwis sa munisipyo at buwis sa kita ng sambahayan	**Kahit ano sa mga dokumento** **(1) [Orihinal] Sertipiko ng Buwis sa Munisipyo o Buwis sa Prefectural Taxation (Eksempsiyon)** *** Makakakuha ng ganitong sertipiko sa Tax Division ng opisina ng Ward Administration (ito ay nagkakahalaga ng ¥300 kada sertipiko.)** **(2) [Kopya] Pagpaplano ng buwis sa munisipyo o prefectural na halaga ng buwis, Abiso sa Buwis** ***Ito ay pinapadala ng opisina ng Ward Administration kung ikaw ay nagbayad sa opisina ng Ward Administration.** **(3) [Kopya] "Notice of Municipal Tax/Prefectural Tax Special Collection o** *** Maaari mong makuha ito mula sa iyong pinagtatrabahuhan kung ang buwis ay ibinabawas ng iyong pinagtatrabahuhan.** **★ Ang piskal na taon ng iba't ibang sertipiko na kinakailangan ay naiiba ayon sa buwan kung saan nakatanggap ng pagbabawas sa bayad sa paggamit. Mangyaring magtanong sa Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase ng paaralang elementarya na gagamitin mo para sa mga detalye.**
Mga Sambahayan na may eksemsiyon sa buwis sa munisipyo at buwis sa kita na itinuturing na naaangkop para gamitin sa eksemsiyon ng balo *	**Abiso sa mga Balo ng Lungsod ng Yokohama ukol sa Angkop na Eksemsiyon**

*Mangyaring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Bata at Kabataan ng Lungsod ng Yokohama Pangangalaga sa Bata Pagkatapos ng Eskwela at Dibisyon ng Pagpapaunlad (:671-4068) kung ang mga sumusunod (1) hanggang (3) ay naaangkop para sa iyo.(Mangyaring tingnan kung saan makikipag-ugnayan sa home page ng lungsod ng Yokohama o makipag ugnayan sa Samahan ng mga Kabataan dahil maaari itong magbago mula kalagitnaan ng Abril.)

(1) Ikaw ay hindi pa kasal

(2) Ikaw ay may anak sa pagitan ng 0-19 taong gulang.

(3) Mababa ang iyong kita.

Bukod dito, ang mga taong kumikita ng kabuuang kita na 1.25 milyong yen o mas mababa bilang resulta ng muling pagkalkula ng mga babawasin ay magiging target ng pagbabawas ng bayad sa paggamit o eksemsiyon.

7. Kabutihang-loob na Sistema ng Pagbabayad-Pinsala

Ang Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase ay humihiling sa mga gumagamit na mag-ambag sa kabutihang-loob na sistema ng pagbabayad-pinsala (¥500 taun-taon kada bata).

Pakibayaran po gamit ang "Payment Slip" na natanggap mula sa Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase at sundin kung paano ang paraan ng paggamit ng aplikasyon para sa Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase.

[Ano ang Kabutihang-loob na Sistema ng Pagbabayad-Pinsala?]

Sa ilalim ng sistemang ito, ang isang pagbabayad sa kabutihang-loob ay ginawa kapag ang isang bata ay nangangailangan ng medikal na paggamot dahil sa isang pinsala dala ng aksidente na naganap sa mga aktibidad sa Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase (kabilang din dito kapag ang bata ay pansamantalang pumunta sa bahay).

a) **Kabutihang-loob na Pagbabayad-Pinsala**
¥500 taun-taon bawat bata

b) **Kabutihang-loob na Pagbabayad-Pinsala**

Detalye	Halaga sa Ex Gratia*
Palabas na Pasyente(mula sa unang araw)	¥1,500/araw
Pagpapaospital (mula sa unang araw)	¥3,000/araw
Kamatayan	¥2.5 milyon
Nalalabing kapansanan	¥75,000 hanggang ¥2.5 milyon

* Ito ay pagbabayad na sistema sa ex gratia kaya hindi ito nagbibigay ng buong kompensasyon para sa halagang kailangan ng medikal na institusyon. Ang kabayaran sa ex gratia ay nakatalagang halaga.

c) **Naaangkop na Sakop ng mga Aksidente**
(1) Mga aksidente na may kinalaman ang bata habang ginagamit ang Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase
(2) Mga aksidente na kinasasangkutan ang bata habang bumabyahe sa pagitan ng Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase at sa bahay (kabilang ang aksidente sa trapiko)

d) **Paraan ng Pagbabayad**
Magbayad sa ATM ng Japan Post Bank o sa koreo gamit ang "Payment slip" na natanggap mula sa Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase.
Kung mayroon kang isang account sa Japan Post Bank, maaaring gumawa ng telegraphic transfer* sa ATM.
* Isang paraan ng paglilipat ng pera sa account ng ibang partido

e) **Iba pang mga Punto**
- Pakitandaan na ang personal na impormasyon na ibinigay nang mag-aplay para sa paggamit ay maaring ibigay sa kumpanya ng seguro na kinontrata upang i-claim ang ex gratia payment.
- Kung ang iyong anak ay nagbago ng paaralan at nakapagbayad-pinsala ng ex gratia, hindi na kinakailangang gumawa ng isa pang pagbabayad sa ilalim ng pagbabayad-pinsala sa sistemang ex gratia.
- Mangyaring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Bata at Kabataan ng Lungsod ng Yokohama, Pangangalaga sa Bata Pagkatapos ng Eskwela at Dibisyon ng Pagpapaunlad kung hindi ka makatanggap ng patnubay ng claim ng seguro pagkatapos ng 3 o higit pang buwan mula sa araw ng aksidente.

"Impormasyon sa Pakikipag-ugnay"
Desk ng Kabutihang-loob na Pagbabayad-Pinsala, Dibisyon ng Pangangalaga sa Bata Pagkatapos ng Eskwela at Pagpapaunlad, Kagawaran ng Bata at Kabataan
Telepono:045-671-4152 Fax:045-663-1926

*Mangyaring tingnan kung saan makikipag-ugnayan sa home page ng lungsod ng Yokohama o makipag ugnayan sa Samahan ng mga Kabataan dahil maaari itong magbago mula kalagitnaan ng Abril.

8. Aplikasyon para sa Paggamit

Manyaring mag-aplay para sa paggamit ng Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase gamit ang mga sumusunod na pamamaraan.

a) **Pagbabayad sa ilalim ng Sistemang Kabutihang-loob na Bayad-Pinsala**

Punan ang lahat ng kinakailangang impormasyon sa "Payment slip" para sa ex gratia bayad-pinsala na natanggap mula sa Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase at magbayad sa anumang ATM ng Japan Post Bank o sa koreo.

b) **Kalakip ng "Bank transfer payment invoice and receipt" o "Usage slip" sa "After-School Kids Club Usage Application Form"**

Pagkatapos magbayad ng Bayad-Pinsala sa ex gratia, gumawa ng kopya ng "Bank transfer payment invoice and receipt" (kung magbabayad sa bangko) o "Usage slip" (kung magbabayad sa ATM) at **ilakip ang kopya sa "After-School Kids Club Usage Application Form".**

Itago ang orihinal ng "Bank transfer payment invoice and receipt" (kung magbabayad sa bangko) o "Usage slip" (kung magbabayad sa ATM) sa bahay.

c) **Paghahanda ng mga Dokumento**

Ihanda ang mga dokumentong kinakailangan para sa aplikasyon para sa paggamit (ang mga dokumento na ipapasa ay magkakaiba ayon sa uri ng paggamit na nais iparehistro o ang kalagayan ng magulang o tagapangalaga).

- Kung nais magparehistro sa Uri ng Paggamit 1 ····· Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase form para sa pag-aplikasyon ng paggamit lamang
- Kung nais magparehistro sa Uri ng Paggamit 2 ····· Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase form para sa pag-aplikasyon ng paggamit + **iba't ibang mga sertipiko**

[Iba't ibang mga sertipiko na kinakailangan para sa pagpaparehistro sa Uri ng Paggamit 2]

Estado ng Magulang o Tagapangalaga	Iba't ibang Sertipiko
Empleyado ng kumpanya, empleyado ng gobyerno, atbp.	**Sertipiko ng Pagtatrabaho (Panghinaharap)**
Potensyal na empleyado	
Nakapahintulot na paglisan dahil sa pagbubuntis o nakapahintulot na paglisan dahil sa pangangalaga sa bata	
Sariling hanap-buhay	**Form na deklarasyon sa katayuan ng sariling hanap-buhay**
Indibidwal na may sakit Indibidwal na tumatanggap ng pangangalaga o paggamot	**Form na nagdedeklara na ang indibidwal ay may karamdaman o kapansanan** * Kalakip ang sertipikong medikal.
Taong may kapansanan	**Form na nagdedeklara na ang indibidwal ay may karamdaman o kapansanan** * Maglakip ng isang dokumento na nagpapatunay na may kapansanan tulad ng sertipiko ng pisikal na kapansanan.
Indibidwal na naghahanap ng trabaho	**Form na nagdedeklara ng aktibidad ng paghahanap ng trabaho**
Indibidwal na nag-aaral (maliban sa mga estudyante ng junior high at high school)	**Kopya ng kard ng pagkakakilanlan ng mag-aaral o sertipiko ng pagpaparehistro ng mag-aaral**
Indibidwal na nakabawi mula sa pinsala ng lindol, hangin at baha, sunog o iba pang kalamidad	**Sertipiko ng Biktima ng Kalamidad *** * Ang bahay ay nawasak dahil sa lindol ····ito ay inilalathala ng opisina ng Ward Administration. Ang pagkawala na may kinalaman sa sunog dahil sa lindol, pinsala ng apoy at hangin o pinsala dulot ng baha…..ito ay inilalathala ng Kagawaran ng Bumbero.

* **Hindi possible na magparehistro sa Uri ng Paggamit 2 kung ang mga kinakailangang mga sertipiko ay hindi isinumite.** Ang pagpaparehistro ay sa Uri ng Paggamit 1.

* Ang tagapangalaga ay nangangahulugang ama o ina ng bata o ang indibidwal na nagmamalasakit sa bata

bilang kapalit ng ama o ina.

d) Pagsusumite ng mga Dokumento ng Aplikasyon

Ipadala ang mga inihandang dokumento sa Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos sa Klase sa deadline na kinakailangan ng Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase na iyong gagamitin.

[Simulang araw ng paggamit para sa mga bagong mag-aaral sa ika-1 baitang]

Ang simulang araw ng paggamit para sa mga bagong mag-aaral ng ika-1 baitang ay magkakaiba ayon sa uri ng paggamit kung saan nakarehistro ang bata.

<**Uri ng Paggamit 1**>

Maaari mo itong gamitin mula sa araw na itinalaga ng kaukulang Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase.

*Ang mga batang uuwi bago mag-alas singko (5) ng hapon ay hindi pinapayagang gamitin ang mga pasilidad hanggang sa araw na itinalaga ng Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase. Gayunpaman, kung ang mga bata ay inaasahang gagamit ng mga pasilidad paglagpas ng alas singko (5) ng hapon dahil sa mga hindi maiiwasang kadahilanan ng mga magulang, maaari nilang gamitin ang mga pasilidad mula Abril 1 sa pamamagitan ng pagbabayad ng 800 yen bawat paggamit kasama ang kabayaran para sa meryenda (Aktuwal na gastos).

<**Uri ng Paggamit 2**>

Maaari mo itong gamitin mula unang araw ng Abril.

Hinihiling namin ang inyong pag-unawa sa mga sumusunod para sa mga bagong mag-aaral sa unang baitang na gagamit ng serbisyo mula Abril 1 hanggang sa petsa ng pagsisimula ng pagtanggap ng kategorya 1 sa anumang ang uri ng paggamit.

(1) Sa paggamit, responsibilidad ng magulang ang paghatid at sundo.
(2) Siguraduhing sumali sa sistemang pagbabayad sa aksidente (accident compensation system) bago gumamit.
(3) Upang maunawaan ang sitwasyon ng mga bata, magsasagawa kami ng panayam kasama ang staff ng Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase.

9. Pagpapasiya ng Paggamit

Kung ang form ng aplikasyon na ipinadala ay hindi malinaw ang impormasyon o kung ang pagpaparehistro sa Uri ng Paggamit 2 ay tinanggihan, ang Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase ay makikipag-ugnayan sa inyo nang maaga.

Karaniwan, kung sa simula at walang natatanggap na pakikipag-ugnayan sa kanila, maaari mong simulan ang paggamit ng Club mula sa panimulang petsa na iyong hiniling sa form ng aplikasyon ng paggamit.

Pagkatapos mong makumpleto ang iyong pagpaparehistro sa Samahan ng mga Kabataan, simulan ang paggawa ng mga paghahanda na iyong gagamitin para sa panimulang paggamit sa Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase. Mangyaring suriin ang mga patakaran at kondisyon ng inyong Samahan ng mga Kabataan Pagkatapos ng Klase bago gamitin. Hinihiling naming sa mga magulang at tagapangalaga na makipagtulungan upang ang Samahan ng mga Kabataan ay isang ligtas at panatag na lugar.

Inilathala: Marso 2020
Pangangalaga sa Bata Pagkatapos ng Klase at Dibisyon ng Pagpapaunlad,
Kagawaran ng Bata at Kabataan ng Lungsod ng Yokohama